# Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Mayo 6, 1951


## MAKALAGLAG - LUHANG KASAYSAYAN NG ISANG ULILA NA BUMIHAG SA PUSO NG ISANG BINATANG MAPAGLARO SA PAG-IBIG!!




DALISAY — SIMULA BUKAS




## Ang Pagluluto'y Nakalilibang

ni PURITA

Naito ang mga nagsipanalo noong isang linggo sa patimpalak ng Purico ukol sa pagkakaloob ng "mahahalagang payo sa pagluluto":

Ang dilaw na mais at kamote ay nagtataglay ng lalong maraming bitamina kaysa mga puti. — **Bb. Estrella Salazar,** Nagbangi Leon, Leon, Iloilo.

Upang hindi lumabis ang pagkaluto ng tulya, kabibe at iba pang kauri nito, igisa muna ang bawang, sibuyas, luya at kamatis — idagdag ang bagoong at busan ng kaunting tubig. Sa sandaling kumulo ay ibuhos ang tulya o kabibe at pagbuka ay alisin kaagad sa apoy. — **Bb. Honorata Q. Mirafuente,** Magallanes St., Aparri, Kagayan.

Madaling talupan ang kamatis kung ilulubog ito sandali sa kumukulong tubig at pagkatapos ay sa malamig na tubig. — **Gng. Praxedes D. Dalit,** Santa Maria, Ilokos sur.

Iwasan ang labis o kulang na init sa mga "griddle" o kawaling lutuan ng "pan cake". Ang katamtamang init ay nagbibigay ng lalong magandang kulay at kapinuhan sa niluluto. — **Gng. Presentacion Lluisma,** Kapatagan, Lanaw.

Sa paggawa ng bukayo, haluan ng kaunting kanin habang linuluto. Maliwasan ang pagtigas nito pag lamig. — **Gng. Nieves Vizmanos,** Naik, Kabite.

Kapag matagal pinakukuluan ang kape, ito'y pumapait dahil sa "tannin" at nawawala tuloy ang lasa. — **Bb. Virgie Santos,** 260 Solis Molave, Tundo, Maynila.

Isang uri ng "ginataang-halohalo" ay ang "ginataang-sariwa". Sa paggawa ng huli, pagsamasamahin ang mga sangkap at pakuluan. Pagkatapos ay isama ang sariwang kakanggata at palamiging mabuti. — **Bb. Charito I. Misajon,** Gagalangin, Maynila.

Kapag dalawang araw na o mahigit pa ang inyong tinapay, hiwain ito, ilubog sa binating itlog na may kaunting asin at ipritos sa Purico — **Nittie S. Hallare,** San Luis, Nabua, Kamarines Sur.

**Ito ang nagtamo ng P10.00 Gantimpala ng Purico:** Ang kalahating librang Purico at ¼ librang sinalang asukal na hinaluan ng kaunting gatas at ilang patak ng banilya ay mabuting pambalot sa mga mamon. Ito ay madali ring kulayan sa pamamagitan ng paghahalo ng kaunting pangkul[illegible] sa pagkain — **Antonio R. W[illegible]g**

## Matibay na Kawing




Larawang-guhit na nalathala kamakailan sa "The Akron Beacon Journal," Akron, Ohio, Estados Unidos.




## "Ako'y Laging Handang Magpahiram Ng Pala Sa Aking Kapitbahay"




Nalathala naman sa pahayagang "The Washington Post," Washington D. C., Estados Unidos.





Mga potograpo ng sine at ng iba't ibang pahayagan ang nakipaggitgitan sa karamihan samantalang lumalapag ang may limang bituing heneral at ang kanyang asawa't anak sa aeroplanong naghatid sa kanila sa San Francisco. Bawa't isang nananabik na makunan ng larawan ang kaunaunahang pagyapak ni Hen. MacArthur sa lupang tinubuan sa loob ng 15 taon, ay nagkalipumpon sa paanan ng sasakyan, na halos matakpan ang nangakapaligid na matataas na pinuno ng pamahalaang sumalubong sa bantog na komander.




## Pagbabalik Sa Sariling Lupa Ng Isang Bayani Ng Digma...

**(Mga larawang kuha ng INP)**

NAGULANTANG ang mga bansang demokratiko, lalung-lalo na ang mga kawal ng Nagkakaisang mga Bansa na kasalukuyang nakikipaghamok sa larangan sa Korea, nang itiwalag at sukat ng Pangulong Truman sa lahat ng pinamumunuan at kapangyarihang militar sa Dulong Silangan ang may 71 taong gulang at limang-bituing-heneral Douglas MacArthur.

Noong umaga nang ika-11 ng Abril, si MacArthur ay binawian ng Panguiong Truman ng lahat ng kanyang kapangyarihang saklaw sa dulong silangan at karakarakang hinirang na kapalit niya si Ten. Hen. Matthew B. Ridgway, komander ng ika-8 Hukbo ng Estados Unidos. Ipinaliwanag ng pangulo na ang may limang bituing heneral ay "hindi nakapagbigay ng buong-pusong pakikipagtulungan sa mga patakarang panlabas ng pangasiwaan at sa Nagkakaisang mga Bansa ng mga bagay na may kinalaman sa kanyang pananagutang panghukbo."

Sa magkabilang dahon ay nakalarawan ang ilan sa mga tagpo nang pagbabalik sa sariling lupa ng bayani ng dalawang digmaan at dating Kataastaasang Pinuno ng Lakas ng Magkakaanib sa Dulong Silangan: Hen. Douglas MacArthur.



Nang dumating sa New York ang mga MacArthur: Sinalubong sila ng mga kaibigan at ng matataas na pinuno ng pamahalaan.



**Nagdiwang ang buong siyudad ng New York sa pagdating ni Heneral MacArthur. Angaw-angaw na mamamayang buhat sa lahat ng uri ng lipunan ang nagsilabas sa kanikanilang tahanan upang salubungin ang pagbabalik sa sariling lupa ng isang dakilang bayani ng digma. Makikita sa larawan ang mahabang parada ng pagsalubong kay MacArthur nang nagdaraan sa Wall Street ng lunsod.**




**Buong tanawin sa bulwagang pulungan ng Gusaling Puti sa Washington sa magkasanib na pulong ng Kongreso upang dinggin ang paghaharap ni Heneral MacArthur ng kanyang kuru-kuro hinggil sa kalagayan sa Dulong Silangan.**


# Alam Ba Ninyo?



***ANG TENIS AY HINANGO SA PANGALANG "TINNIS", ISANG BAYAN SA EHIPTO NA BANTOG SA KANYANG MAIINAM AT MATITIBAY NA HIMAYMAY. ANG MGA UNANG BOLA NG TENIS AY YARI SA MGA PINONG HIMAYMAY. ANG PAGLALARO NG TENIS NOONG UNANG PANAHON AY GINAGANAP SA ISANG KULONG NA LARUAN NA ANG GINAGAMIT NA PAMALO NG BOLA AY ANG PALAD SA HALIP NG RAKETA.***



***"ART LARSEN"***
***Style Championship***
***tennis shoes.***

Napagkilala ng mga batikang manlalaro na ang isang pares ng mapagtitiwalaang sapatos na goma ay isang mahalagang bagay sa palakasan, at ang kaalamang iyan ay lalong pinatitingkad at higit na nagiging kasiyasiya sa pagkabatid na ang mga sapatos na gomang JACINTO ay nangunguna kung tungkol sa makabagong disenyo, magilas na kaginhawahan sa paa at katipiran.

Magtamo ng mabuting pakiramdam at maglaro nang mahusay. Bumili ng isang pares na sapatos na gomang "JACINTO'S CUSTOM-MADE" ngayon!

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK • TEL. 2-67-67



(1)





(2)




(3)




(4)



(1) Nang salubungin sa Loakan Airport ang Pangulong Quirino ng isang lupon ng Kapulungan ng mga Mangangalakal na Pilipino na nagdaos ng Pambansang Kombensiyon sa Bagyo noong nakaraang linggo. Mula sa kaliwa, pakanan: S. G. Batac, Antonio Ramos, Lino Gutierrez, Aurelio Periquet, Enrique Montilla, ang Pangulong Quirino, Fermin Francisco, Alkalde Francisco Ortega, J. Bautista at L. A. Batacan.

(2) Si Aurelio Periquet, pangulo ng Philippine Chamber of Commerce, nang binibigkas ang kanyang kalatas ng pagtanggap sa mga delegado sa kombensiyon.

(3) Si Pangulong Francisco Dalupan ng University of the East (PCCBA), nang mga sandaling nagsasalita sa pagbubukas ng ikalawang seyon ng kapulungan sa Burnham Auditorium noong ika-29 ng Abril.

(4) Kabilang sa mga nagsipagsalita sa ikalawang pulong si Gob. Miguel Cuaderno ng Banko Sentral. Tinalakay niya ang paksang "Ang Hinaharap ng Kabuhayan ng Pilipinas."

(5) Nang tinatanggap ng Pangulong Quirino ang mga kinatawan sa kapulungan na hinandugan niya ng isang salu-salo sa Guest House. Makikita sa dakong harapan sina Embahador Manuel V. Gallego at Hans Menzie. (Mga larawang kuha ng PNS).

# TAO

**Katha ni LIWAYWAY A. ARCEO**

**SA PAKIRAMDAM NI PINA AY NAGBAGO ANG KANYANG SARILI MAGBUHAT NANG MAKILALA NIYA SI MR. POLINTAN... HANGGANG SA MAGANAP, ISANG ARAW, ANG DI NIYA INAASAHAN**

**HINDI MAPIGILAN** ni Pina ang mabilis na pagbaba ng kanyang paningin kailanman at nasusukol siya ng titig ng isang lalaki. Aywan niya, nguni natutuklasan na lamang niyang gayon ang kanyang ginagawa at nadarama niyang mainit kaysa karaniwan ang dugong nanunulay sa kanyang mga ugat at tila nanunuyo ang kanyang lalamunan. Alam na alam niya kung ano ang kanyang nadarama: hindi miminsan o mamakalawang nangyayari ang gayon sapagka't hindi naman iisa o dadalawa ang lalaking nag-uukol sa kanya ng pansin Marami. Maraming-marami... at sa sandaling masukol siya ng mga titig niyon, mabilis niya kung ibaba ang kanyang paningin. Hindi niya sinasadya, ngunit natutuklasan na lamang niyang gayon ang kanyang ginagawa: mabilis niya kung ibaba ang kanyang paningin.

Nguni hindi nangyari iyon nang ang makasalubong ng kanyang paningin ay ang nangungusap na mga mata ni Mr. Polintan.

Aywan din niya, nguni matagal siyang nakipagtitigan kay Mr. Polintan, gayong nadarama niyang mabilis ang pagtahip ng umaalon niyang dibdib; gayong nadarama niyang mainit kaysa karaniwan ang dugong nanunulay sa kanyang mga ugat... Hindi lamang hindi niya binawi ang kanyang tingin kundi napangiti pa siya. At halos hindi niya nalalaman, inabot niya ang nakalahad na palad ni Mr. Polintan! At sumibol sa kanyang batang puso ang damdamin ng isang humahanga at nagpipitagan nang masalat ng kanyang mga daliri ang palad ng isang lalaki — sa kaunaunahang pagkakataon...

—Sila pala! —ang tanging namulas sa kanyang mga labi. At noon lamang siya nabuhayan ng loob: mabini niyang hinatak ang kanyang palad. Napangiti rin si Mr. Polintan at yumukod ito nang bahagya.

—Ako nga, —ang sagot nito. —Ako ang makakasama mo sa iyong trabaho.


Hindi siya nakapagsalita.

—At wala kang sukat ipagalala sa akin, —ang dugtong ni Mr. Polintan nang mapansin nitong tila nawawala sa kanyang sarili . si Pina. —Wala kang ibang paglilingkuran... hindi ba sinabi sa iyo ni Miss Basa? Hindi ba?

Napalunok si Pina. Nguni't maagap siyang sumagot: — O-opo, Mr. Polintan. Alam ko po!

Nguni't hindi maalis ni Pina ang kanyang paningin sa mukha ni Mr. Polintan: hindi niya malaman kung bakit hindi maalis-alis ang kanyang titig sa mukha ng kanyang kaharap.

—Makapagsisimula ka na sa iyong trabaho. Ayun ang iyong mesa at pagtimbre ko'y... papasok ka rito, — nag-aatas ang tinig ni Mr. Polintan.



NANG GABING iyon ay hindi siya naidlip. Gising na gising ang kanyang diwa sa buong magdamag. Hindi pa nangyayari sa kanya ang gayon kundi nang gabing iyon lamang. Wala pang lalaking umaagaw sa kanyang gunita, tulad nang ginawang pagnanakaw ni Mr. Polintan sa kanyang katiwasayan nang gabing iyon. (Kahit na nang yumao ang kanyang ama at wari niya'y hindi na siya matatahimik kailanman, hindi siya nagbiling-biling sa kanyang higaan na katulad nang gabing iyon. Sapagka't madali siyang iginupo ng pagkahapo: madali siyang nakalimot... madali siyang dinalaw ng antok at napasa-kanya ang isang payapa at mahimbing na pagtulog!) Ilang ulit pa niyang sinalat ang kanyang kanang palad, na waring dinarama ang init ng palad ni Mr. Polintan at sa kanyang gunita'y pilit niyang hinanap ang alaala ng kahit isa pang lalaki, bukod kay Mr. Polintan, na nakatangan na sa kanyang palad...

Oo... ang kanyang ama! Lalo na nang malapit nang angkinin ng Lalong Makapangyarihan ay malimit siyang tawagin nito, ikinukulong sa mga palad nito ang kanyang palad... tinatapik-tapik ito at mahinang ipinagbibilin sa kanya: Mag-iingat ka, Pina! Mag-iingat ka! Malimit ngang tanganan ng kanyang ama ang kanyang kamay, nguni... hindi niya nadama kailanman ang damdaming gumagapang sa buo niyang katauhan nang makipagkamay siya kay Mr. Polintan.

At lalong nawala si Pina sa kanyang sarili! Lalo siyang naguluhan... lalong hindi niya mawari kung bakit tila siya isang bagong nilikha. Marahil, kailangang-kailangan niya ang gawain upang makatawid sa buhay at madali niya itong nasumpungan. Marahil, hindi siya nakadama ng pangingilag at pagkatakot nang makita niya si Mr. Polintan.

Tila muli niyang nakita ang kumislap na liwanag sa mga mata ni Mr. Polintan, na waring nangangakong siya'y tutulungan sa abot ng kaya nito. At nadama niyang muling pumitlag ang pagpipitagan at paghanga sa lalaking ito na nakita niyang walang paghahangad ang tingin. At noon lamang muling pumayapa ang dibdib ni Pina: humahanga at nagpipitagan lamang siya kay Mr. Polintan!

BIGLANG SUMASAL ang tibok ng kanyang puso nang marinig niya ang timbre ni Mr. Polintan. Ginapangan ng kilabot ang kanyang katawan... aywan niya kung bakit tuwi siyang haharap kay Mr. Polintan ay kinikilabutan siya, nguni't nakadarama siya ng isang kakatuwang kasiglahan. Mabilis niyang dinampot ang kanyang stenographer's notebook at tinungo niya agad ang silid ni Mr. Polintan.

Isang makahulugang tingin ang sumalubong kay Pina. Hindi niya sinasadya ay biglang napababa ang kanyang tingin. Napapikit pa siyang ilang saglit: nakita niya sa paningin ni Mr. Polintan ang liwanag na nakikita niya sa mga mata ng ibang lalaki... at hindi niya napaglabanan ito!

—Tumuloy ka, —ang salita ni Mr. Polintan na tila isang malakas na putok na gumulantang sa kanya. At napakislot siya. Hindi niya tinitingnan si Mr. Polintan nang maupo siyang paharap sa hapag nito. Marahan niyang inilapag ang kanyang kuwaderno sa ibabaw ng hapag ni Mr. Polintan. Nguni't hindi siya makatingin kay Mr. Polintan. Bumabayo ang kanyang dibdib.

—Dala mo pala ang iyong kuwaderno, —ang bumasag sa katahimikang ilang saglit ding naghari sa silid ni Mr. Polintan.

—Opo! —Tuyung-tuyo ang lalamunan ni Pina

Napangiti si Mr. Polintan. sabay na sabay sa pagtataas ni Pina ng kanyang tingin. At nagkasalubong ang kanilang mga mata. Biglang gumaan ang dibdib ni Pina: nakita na naman niya ang ngiting hinahangaan at pinagpipitaganan niya! At nabuhay na muli ang kanyang dugo...

—May ididikta yata kayo? — Buo na ngayon ang kanyang tinig at wala na ang kilabot na gumagapang sa kanyang mga bisig. At ang tingin sa kanya ni Mr. Polintan ay sinalubong din ng kanyang tingin — bagama't naroon ang liwanag na nakikita niya sa mga mata ng ibang lalaki, na hindi niya masuklian ng tingin din!

—Wala kang gagawin, Pina... —ang sabi ni Mr. Polintan.

—Wala? Wala po? —Nandilat

**(Buklatin sa pahina 12)**

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

**KARUGTONG**

TUNT. 6. Bago tumanggap ng tungkol, ang Pangulo ay manunumpa o magpapatunay ng sumusunod:

> "Ako'y mataimtim na nanunumpa (o nagpapatunay) na buong pagtatapat at kaalamang gaganapin ko ang aking mga tungkulin sa pagka Pangulo ng Republika ng Pilipinas, pangangalagaan ko at ipagtatanggol ang Saligang Batas, ipagaganap ko ang kaniyang mga batas, igagawad ko ang katarungan sa bawa't tao, at itatalaga ko ang aking sarili sa paglilingkod sa Bansa. Kaya kasihan nawa ako ni Bathala." (Kung pagpapatunay lamang ang gagawin, ang huling pangungusap ay di na babanggitin.)

TUNT. 7. Ang Pangulo ay magkakaroon ng kaniyang tahanang pampamahalaan at tatanggap ng sahod na itatakda ng batas na di-maaaring dagdagan ni bawasan sa loob ng panahon ng kaniyang pagkakahalal, at siya'y di tatanggap sa loob ng naturang panahon ng iba pang pabuya ng pamahalaanlaan o ng alinman sa mga pangkat o sangay nito.

TUNT. 8. Ang Pangulo ay siyang makasasakop at mamamanihala sa lahat ng kagawaran, kawanihan o tanggapan, sa lahat ng pamahalaang-lalawigan, lunsod at bayan, at sa lahat ng iba pang bahagi o sangay ng Kagawarang Tagapagpaganap, at mangangalaga upang ang lahat ng batas ay buong katapatang matupad.

TUNT. 9. Ang Pangulo ang magiging kataas-taasang puno ng buong hukbo ng Republika ng Pilipinas, at kailanma't kakailanganin ay matatawag niya ang nasabing hukbo upang sawatain o sugpuin ang di-pagkilala sa batas, paglusob, paghihimagsik o pagsusuwail. Kung may mangyaring paglusob, paghihimagsik o pagsusuwail, o may nagbabalang panganib na alinman diya'y mangyari, o kung hinihingi kaya ng katahimikan ng bayan, ay maaari niyang pigilin ang bisa ng habeas corpus at isailalim ang Pilipinas o ang alin mang bahagi nito sa bisa ng batas panghukbo.

TUNT. 10. Hihirangin ng Pangulo ang mga Ministro at ang mga Pangalawang Ministro, at sa payo ng kaniyang Gabinete ay hihirang ng mga sugo, mga kinatawang diplomatiko, mga konsul, mga puno ng kawanihan at tanggapan, mga pinuno ng Hukbong-Dalatan mula sa antas na Koronel, ng Hukbong-Dagat at ng Hukbong-Himpapawid mula sa antas na Kapitan o Komandante, mga punong-lalawigan, mga punong-lunsod o punong-bayan, at lahat ng mga ibang pinuno ng pamahalaan na ang paghirang ay di-itinatadhana ng batas sa ibang paraan.

TUNT. 11. Magkakaroon ng isang Sanggunian-Bansa upang magbigay-payo sa Pangulo sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa mga suliraning pambansa. Yao'y bubuuin ng di-hihigit sa dalawampung kagawad na hihirangin ng Pangulo sa mga mamamayang nakapagpakilala ng katangi-katanging paglilingkod sa Bansa.

TUNT. 12. Ang Pangulo ay may kapangyarihan, kung kasang-ayon ang boto ng dalawang-katlong bahagi ng Kapulungang Pambansa, na magpahayag ng pakikidigma, makipagpayapaan at gumawa ng mga kasunduan. Tatanggapin niya ang mga may-katibayang sugo at mga kinatawang diplomatiko sa Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas.

TUNT. 13. Ang Pangulo, salig sa mga kalagayan, hangganan at katakdaang minamarapat niyang iatas; ay may kapangyarihang makapigil o makapagbawas ng hatol, o makapaggawad kapatawaran, makapagpatawad ng multa, o pagsamsam ng pag-aari, matapos mahatulang magdusa sa lahat ng pagkakasalang ikinapagsakdal sa kaniya. Siya'y may kapangyarihang magkaloob ng kapatawarang panlahat (amnesty) kung kasang-ayon ang Kapulungang Pambansa.

TUNT. 14. Ang Pangulo, manaka-naka'y magbibigay ng patalastas sa Kapulungang Pambansa hinggil sa kalagayan ng Bansa, at magtatagubilin ng mga balak na inaakala niyang kailangan at sa madalla'y dapat isabatas.

### PANGKAT III — ANG BATASAN

TUNT. 1. Ang kapangyarihang tagapagbatas ay gagampanan ng Kapulungang Pambansa.

TUNT. 2 Ang Kapulungang Pambansa ay bubuuin ng mga punong-lalawigan at mga punong-lunsod bilang mga kagawad na ex-officio at ng mga kinatawang ihahalal tuwing ikatlong taon, na isa sa bawa't lalawigan at lunsod na nakatatag. Ang araw at paraan ng paghahalal sa mga halaling kinatawan at ang pamalakad sa paglalagay ng panghalili sa bakante ay itatakda ng batas, na di-maaaring palitan o baguhin habang mayroon pang Digmaan ng Lalong Malaking Silangang-Asya.

TUNT. 3. Di maihahalal sa Kapulungang Pambansa ang sino mang di naging mamamayang Pilipino sa loob ng limang taon hanggang sa araw ng halalan, at kung ang gulang ay walang tatlumpung taon man lamang.

TUNT. 4. (1) Ang Kapulungang Pambansa ay magtitipon upang magdaos ng karaniwang pagpupulong minsan sa bawa't taon sa araw na itatakda ng batas, nguni't walang karaniwang pagpupulong na tatagal nang higit sa animnapung araw, di-kabilang ang mga linggo. Matatawag ng Pangulo ang Kapulungan upang papagdausin ng tanging pulong, sa panahong kaniyang marapatin, at dito'y pag-usapan ang

mga batas na panlahat o kaya'y yaon lamang mga suliraning maitatagubilin.

(2) Hihirangin ng Kapulungang Pambansa ang kaniyang Patnubay (Speaker), isang kalihim at isang tagapag-ayos, at saka ang mga iba pang pinunong kakailanganin. Mahigit sa kalahati ng buong bilang ng mga kagawad ang kilanling sapat na bilang (quorum) upang makapagpulong, nguni't kung di aabot sa gayong bilang ay maaaring ipaliban araw-araw ang pagpupulong at mapilit ang pagdalo ng mga kagawad na di-dumadalo, sa paraan at mga kaparusahang itatakda ng Kapulungang Pambansa.

(3) Ang Kapulungang Pambansa ay siyang tanging hukom na makapagpapasiya sa pagkakahalal at sa mga karapatan ng halal na mga kagawad, at siya ring makapagtatakda ng mga alituntunin sa pamamalakad, makapagpaparusa sa kaniyang mga kagawad, sa di-wastong kaasalan, at kung may pagsang-ayon ng dalawang-katlong bahagi, ay makapagtitiwalag sa isang kagawad. Ang Kapulunga'y mag-iingat ng isang aklat-katitikan ng kaniyang mga pinagpasiyahan, na sa pana-panaho'y mailalathala, matangi lamang yaong mga bahaging ayon sa kaniyang palagay ay dapat ilihim; at ang mga "oo" at "hindi" sa ano mang suliranin ay itatala sa aklat-katitikan kung gawad.

TUNT. 5. Ang Patnubay at mga kagawad ng Kapulungang Pambansa ay tatanggap ng sahod na itatakda ng batas, bukod pa ang bayad sa mga gugol sa paglalakbay nang balikan mula sa kani-kanilang lalawigan sa pagdalo sa mga pulong ng Kapulungang Pambansa. Walang kapangyarihan ang Kapulungang Pambansa na magdagdag ng sahod ng kaniyang Patnubay at mga kagawad sa loob ng panahon ng kanilang panunungkulan.

TUNT. 6. Ang mga kagawad ng Kapulungang Pambansa ay may tanging karapatang di-madadakip samantalang sila'y dumadalo sa mga pulong ng Kapulungang Pambansa, at sa pagtungo at panggagaling doon, maliban lamang kung sila'y makagawa ng isang pagkakasalang ang kaparusahang takda ng batas ay kamatayan o pagkabilanggong hihigit sa labindalawang taon; at sa ano mang talumpati o pakikipagtalong gawin sa loob ng Kapulungan ay di sila mapananagot saan mang pook.

TUNT. 7. (1) Ihaharap ng Pangulo sa loob ng sampung araw mula sa pagbubukas ng bawa't karaniwang pulong ng Kapulungang Pambansa, ang isang balak na ukol sa mga kita at gugol (budget) na siyang magiging batayan ng panukalang batas ng pangkalahatang gugulin.

(2) Kung sa katapusan ng alin mang taong pampamahalaan ay di nakapaghanda ng panukalang-batas ng mga gugulin upang itustos sa Pamahalaan sa susunod na taon, ang iba't ibang halagang inilaan sa huling balak na batas ng mga gugulin ay ipalalagay na siyang muling inilalaan upang ipagtakip sa mga pangangailangan at layuning nasasabi roon, kailanma't inaakala ng Pangulo na yao'y magagawa hanggang sa makapagpatibay ng sadyang balak na guguling pangkalahatan.

(3) Di makapagsasama ng ano mang tadhana, o takdang batas sa balak na ukol sa pangkalahatang gugulin, maliban na lamang kung may kinalaman sa ano mang tiyak na guguling nasasabi sa batas; at ang ganitong tadhana o takdang-batas ay tanging magagamit doon sa talagang tinutukoy na paggugulan.

TUNT. 8. Ang mga Ministro, sa sarili nilang kalooban, o sa kahilingan ng Kapulungang Pambansa, ay makahaharap sa Kapulungang Pambansa at madirinig nito hinggil sa ano mang bagay na nauukol sa kanilang kagawaran, maliban na lamang kung magiging labag sa kapakanan ng bayan at ito'y ipahahayag sa isang sadyang sulat ng Pangulo.

TUNT. 9. (1) Walang panukalang-batas na nagdaan sa Kapulungang Pambansa na magiging batas maliban kung may patibay ng Pangulo. Kung pinagtitibay nito ang panukalang-batas ay lalagdaan niya; nguni't kung hindi, ay ipababalik sa Kapulungang Pambansa na kalakip ng kaniyang mga pansin at tutol, at ang mga pansin at tutol na ito'y itatala sa aklat-katitikan at maaaring ang nasabing panukalang-batas ay muling pag-usapan at pagtibaying panibago sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng dalawang-katlong bahagi ng lahat niyang kagawad. Sa lahat ng ganitong pangyayari ang pasiya ng Kapulungang Pambansa ay ipakikilala sa pamamagitan ng mga tugong "oo" at "hindi", at ang panga-pangalan ng mga kagawad na nagsitugon nang sang-ayon at di-sang-ayon ay itatala sa aklat-katitikan. Kung muling di pagtitibayin ng Pangulo ang panukalang-batas, ito'y di na mapag-uusapan ng Kapulungang Pambansa sa pulong ding iyon. Kung ang alin mang panukalang-batas, matapos maiharap sa Pangulo, ay di nito ipabalik, gaya ng dito'y itinatadhana, sa loob ng dalawampung araw, liban ang mga linggo, ang nasabing panukala ay magiging batas na gaya rin ng kung kaniyang nilagdaan, maliban lamang kung dahil sa pagwawakas ng pulong ng Kapulungang Pambansa ay magkaroon ng sagabal ang pagpapabalik; sa ganitong pangyayari ay magiging batas na ang nasabing panukala, matangi lamang kung di sang-ayunan (betuhan) ng Pangulo sa loob ng apatnapung araw pagkatapos ng pagpupulong.

(2) Ang Pangulo ay may kapangyarihang huwag magpatibay sa alin mang talata ng panukalang gugulin, singilin o taripa, nguni't ang di-pagpapatibay ay di makapipinsala sa alin mang talata o mga talatang di niya tinutulan. Kung ang tadhana ng isang panukalang-batas ng mga gugulin ay sumasaklaw sa isa o ilan mang talata ng nasabing panukala, ang

(Buklatin sa pah. 14)

*Gamitin ang inyong mga palingkurang panghimpapawid . . .*



LUMIPAD SA PAMAMAGITAN NG **PAL**




Kalugudlugod na paglilingkod... Magiginhawang upuang "deluxe"... mabuting paglalakbay sa itaas ng init at alikabok sa loob ng mabilis at mapagtitiwalaang Douglas DC-3's.

Lumilipad ng 42 ulit araw-araw sa buong kapuluang Pilipinas.

Magpalaan sa inyong ahente sa paglalakbay o sa pinakamalapit na tanggapan ng PAL.

PHILIPPINE AIR LINES

ROUTE OF THE Orient-Star

# DAANG-BAKAL

## *Nagkaroon Sila Ng Di Pagkakaunawaan... At Sila'y Nagkalayo — Nguni't Nabatid Ng Binata Na Hindi Pala Siya Mabubuhay Nang Malayo Sa Piling Ng Kasintahan, Kaya't Muli Siyang Nagbalik*



Kuwento ni

**PASTORA ALCALA ZORILLA**

BUMUKAS ANG pintuan ng **elevator.** Napatuwid si Diego sa pagkakasandal sa paden. Nagtama ang kanilang paningin ng **elevator man.** Umiling si Diego. Muling naglapat ang pintuan ng **elevator.**

Maraming yabag —sarisaring mga yabag at sagadsad ng mga sapatos — ang pumukaw at mawala sa pandinig ni Diego. Maraming napapatingin sa kanya. Malimit kasi siyang makita roon. Tuwing makatutugtog ang ika-lima ñg hapon.

Hindi pinapansin ni Diego ang mga tinging yaon, ang mga tawang palihim na iniuukol sa kanya, ang mga ngiting may kabuntot na tukso at ang makahulugang mga anyo ng pananaw na ipinupukol sa kanya. Mga yabag, marahan at buong ingat na bagsak ng sapatos sa sementong hagdanan ng gusali, ang kanyang inuulinig. Inaabangan. Inaasam.

Limang sandali na, pagkaraan ng ika-lima, nang matanaw ni Diego ang kanyang hinihintay. Pumanaog iyon sa hagdanang semento. May kasabay: Isang lalaki. Ngumiti siya sa lalaki. Kilala niya ang lalaking yaon. At ang lalaki'y humiwalay sa kanyang inaabangan. Hindi sapagka't ngitian niya. Talagang humihiwalay ang lalaking yaon pagkalabas ng pintuan ng gusaling Caltos.

Hindi kumikibo ang kanyang sinalubong habang sila'y naglalakad na magkasabay. Nagtataka siya. Hindi dating gayon ito.

—Nagagalit ka ba sa aking pagsalubong, Aurora? —Hindi siya nakatiis na magsawalangkibo.

Pahapyaw na nagdaan sa kanyang nagtatanong na paningin ang mga mata ni Aurora. Kulimlim ang mga mata niyon. Pinanginginliran ng luha. Nais niyang hawakan sa magkabilang balikat ang dalaga. Itapat sa kanya ang mukha niyon. Basahin doon ang damdamin nito. Nguni't nahihiya siya sa karamihan ng taong kasabay nila... nauuna sa kanila... nasasalubong nila.

—Sabi nang huwag tatawag sa telepono, e! —Napabaling siya sa pagsasalita ni Aurora.

—Ako ba ang tinutukoy mo?

—At sino pa! —Lumingos sa kanya ang dalaga.—Mayron pa bang iba?

—Tinawag kita? Iyan ba ang dahilan ng pagwawalangimik mo?

—Oo! papiksing tugon. — Dapat pa ba akong matuwa... at niloko ako?

Inalalayan niya ang dalaga sa pagtawid sa **pedestrian lane.** Iniwaksi ni Aurora ang kanyang kamay na nakahawak sa bisig niya.

—Ngunit hindi kita tinatawagan kailanman, Aurora! — Unti-unting nagkakabahidpagkamuhi ang kanyang tinig. —At bakit kita tatawagan? Hindi ba't sinabi kong susundin kita kung iyon ang gusto mo —huwag kang tawagan?

Nadama ni Aurora ang nagbabantang galit sa tinig ni Diego. Ngumiti ito. Unti-unting napawi ang pagkamuhing nakabadha sa paningin.

—Akala ko'y ikaw, Diego.

—At kung ako?

Hindi sumagot ang dalaga. Patuloy ang kanilang magkasabay na paglakad. Tumapat sila sa simbahan. Binuksan ni Aurora ang **vanity case.** Dumukot. Tinawag ang isang magsasampagita. Bumili.

Walang imikang umakyat sila sa tulay na kahoy pagkabagtas ng Plaza Miranda.

—Nagagalit ka pa ba, Diego? —Nakasakay na sila sa sasakyan nang magsalita si Aurora.

—Ako, magagalit? —Nilingon ni Diego ang katabi. —Ikaw nga, Aurora. Kahapo'y nagalit ka rin, at baka aniko ayaw mo nang masundo.

Tumawa si Aurora. —Tingnan mo 'to! Papaanong hindi ako magagalit e, nasa una na ako'y sinabi mo pa sa konduktor na huwag tanggapin ang pera ko. Ikaw nang ikaw ang nagbabayad.

—Maano, Aurora. —Marahan ang kanyang tinig nang sumagot. —Iyon naman ay katungkulan ko. —Tumawa si Diego. —Sa ibang araw e, ikaw na ang magbabayad kapag ako'y walang barya at tayo'y... magkasintahan na.

Isang mahabang a ang iginanti ni Aurora. Isang irap ang naglagos sa mga mata. Isang buntunghininga ang humulagpos sa mga labi... na sinundan ng isang matamis na ngiti.

—Hindi ka ba ikakasal na?

—Malapit na, Aurora. Kagabi'y pumanhik ako sa kanila. — Nanunukso ang liwanag sa mga mata ni Diego. —Sagot niya'y dalawang bagay pa ang hindi niya ikapagkakaloob ng pag-asa sa akin: ang lubos na pagkakilala sa akin, at kung ako raw ay...

—Walang ibang kasintahan. —Nakikipagtuksuhan ang tinig ni Aurora.

—Walang-wala, Aurora.

—Malay ko!

At... unti-unti nang nasasabugan ng manipis na kadiliman ang munting nayon nina Aurora, nang tumigil ang kanilang sinasakyan sa tapat ng isang bahay na pawid. Magkasunod silang bumaba. Napatindig ang dalagang nakapanungaw sa bintana noon. Nanaog ng hagdanan ang dalaga at sumalubong. Tatlong kuwintas ng sampagita ang iniabot ni Aurora sa dalaga.

—Kangino galing ito, **dear?**— Nakabalatay ang kasiyahan sa mukha niyon nang abutin ang sampagita.

—Kangino pa... kay Narding. Buweno, **dear,** d'yan ka na, ha?

At nagpatuloy sila ng paglakad sa baku-bako nguni't batong lansangan patungo sa bahay nina Aurora. Ilang sandali lamang at natanaw na nila ang daang-bakal na bumabagtas sa lansangang papaitaas sa kinatitirikan ng bahay nina Aurora.

—Gayun na lamang ang sama ng loob ko sa iyo kagabi, Aurora.

—At bakit? May nagawa ba akong masama sa iyo?

—Higit sa samang magagawa ng sinuman, Aurora. Hinahalay mo ang kawagasan ng aking pag-ibig... ang kadalisayan ng aking puso.

—At ano ang ibig mong sabihin?

—Napakalilit ng pagpapahalaga mo sa kadakilaan ng aking pagtatangi sa iyo, Aurora. —Saglit na napatigil sa pagsasalita si Diego. —Tingnan mo, Aurora... batid mong pinakaiibig kita, ikaw ang lahat sa akin, ikaw ang aking daigdig, ang aking pag-ibig. Nguni't tila hindi mo pinahahalagahan ang lahat. Ano pa

(Buklatin sa pah. 17)

# Isang DULA Sa KARIMLAN

**LIHIM SA KANYANG KABATIRAN, ANG HALAKHAK NA INIUKOL NIYA SA TATLONG KASINTAHAN AY MAY SUKLING LALONG MATUTUNOG NA HALAKHAK**

TATLONG lalaki ang matuling umibis sa berlina at nawala sa karimlan. Madilim na sa purok na iyon. Maliban sa ilaw sa isang apartment na bukas ang bintana ay walang matanaw na liwanag.

Di-naglipat-saglit at isang lalaki ang namaybay sa gilid ng bahay na iyon. Sandali munang nagmasid. Tahimik ang paligid. Dumukot ang lalaki sa kanyang lukbutan Nabuksan ang pinto. Ang lalaki'y pumanhik

Ang liwanag ay nanggagaling sa isang pinid na silid. Kumatok ang lalaki. Isang katok. Sinundan ng isa pa. At saka isa pa.

—Sino 'yan?

—Ako, Betty.

—Ben?

—Hindi. —Nangiti ang lalaki.

—Celis?

—Hindi. —Muling nangiti.

—Ponsing.

—Oo.

—Tuloy ka. Akala ko kung sino ka, Pons.

Nabuksan ang pinto.

Pumasok ang lalaki. Natambad sa kanyang paningin ang isang nakahigang kagandahan. Kumikislap na sedang pantulog, kinulayang labi, nagmamalaking dibdib, humahalimuyak na pabango.

—Pons, kangina pa kita hinihintay. Akala ko'y di ka na darating.

—Ma'ri bang hindi. Alam mo namang mahal kita.

Naghubad ng sapatos ang lalaki, ng amerikana, ng kamisadentro...

—Matagal ka nang hindi nadadalaw. Nagbabago ka na yata.

—Kaya nga ako naririto, Betty.

—Kailan ba tayo pakakasal, Pons?

—Hindi na matatagalan. —Hinawakan ng lalaki ang kamay ng babae.

—Saan ba tayo magtatayo ng bahay?

—Sa Santa Mesa Heights. Humahanap na ako ng lote.

—Siyanga?

—At ibibili kita ng mga alahas, damit at anumang naisin mo. Sayang ang inaani namin sa Nuweba Esiha pag di ko nasunod ang gusto mo...

—Marami na 'kong alahas at damit.

—Alam ko, Betty. Nguni't iba 'yong galing sa 'kin, di ba?

—Siyanga.

Tinanaw ng lalaki ang kanyang kapiling sa malambot na upuan. Pinakikinang ng luntiang liwanag ang mga pahiyas na sinsing, pulseras at hikaw. Tinanaw niya ang labi, ang pisngi, ang nag-uumalong dibdib. Tinangka niyang patayin ang ilaw.



—Huwag, Pons. Pag kasal na tayo.

—Kailan pa?

—Kung kailan mo ibig.

—Kailan ang ibig mo?

—Pag nakabili ka na ng lote at yari na ang bahay.

—Pero matagal iyon, Betty.

—Hintayin na n a t i n... o o oo... Pons...

—B e t t y...

—P o n s...

Namatay ang luntiang liwanag.

Ang luntiang liwanag ay muling nabigyan ng kulay. Magkaharap ngayon ang babae at lalaki.

—Kailangang pakasal tayo agad, Pons.

—Oo, Betty.

—Kailan?

—'Kamo'y pagkayari na ng bahay.

—S'yanga pala. Pagkayari na ng bahay.

—Sa Santa Mesa, Betty. Tatlong grado. At ibibili kita ng mga alahas at maraming damit

—Siyanga?

—Oo.

—Heto ang konting salapi. Gamitin mo muna hanggang di tayo kasal.

—Siyanga? O, Pons...

—Mananaog na muna 'ko.

—Tayka muna, Pons.

—Ano 'yon, Betty.

—Sabihin mo kung kailan ka pupunta uli.

—Sa Sabado. Hintay, sino nga pala sina Ben at Celis? —May bahagyang ngiti sa labi ng lalaki.

—Mga pinsan ko, Pons. Di ba't ipinakilala ko na sila sa 'yo.

—A, oo nga pala. —Ngumiti ang lalaki. —Aalis na 'ko, Betty.

—Tayka pa sandali.

—Ano 'yon?

—Ang bahay, tandaan mo.

—A, oo.

—Bye, Betty.

—Sandali pa, Pons.

—Ano 'yon?

Ibinalita ng katahimikan ang isang matunog na halik.

ii

MULING namatay ang luntiang ilaw sa apartment. Pamaya-maya ay isa na namang anino ang namaybay sa gilid ng bahay. Binuksan ang pinto at tumuloy sa itaas. Kumatok. Nakarinig ng isang klik. Nagsayaw sa paanan ng lalaki ang mamughaw-mughaw na liwanag. Tumawag ang lalaki.

—Darl!

—Celis?

—Hindi.

—Ben?

—Ako nga, darl!

—Alam ko namang ikaw nga. Gusto ko lang tingnan kung ano ang iisipin mo kung tumawag pa 'ko ng iba. Tuloy ka.

—Pilya kang talaga, darl!

Minasdan ng lalaki ang babae. Manipis na pulang pantulog, rosas na pisngi, mayamang dibdib, nag-aanyayang samyo ng pabango.

Naupo sila sa isang mahabang upuan. Kumuha ng alak ang babae.

—Uminom ka, Ben.

—Tayong dalawa, darl. Haluan mo ng soda ang iyo.

—Baka ako malasing, Ben.

—Hindi.

Tumungga sila.

—Kumusta ang negosyo, Ben?

—Mabuti. Maibibili na kita ng kotse.

—Siyanga?

—Makikita mo. Isang linggo na lang, marahil.

—Anong kotse, Ben?

—Cadillac.

—Siyanga? Naku, talagang mahal mo 'ko, Ben.

—Makikita mo. May dala pa 'kong tela para sa 'yo.

—Ku, kaganda. Talagang mahal mo' ko, Ben Mahal naman

***Kuwento ni PABLO N. BAUTISTA***

## Ilang Taludtod

ni Moises A. Santiago

**MANGGAGAWA**

**Matapat na anak ng pamahalaang**
**ang bisig ay lakas ng pangasiwaan;**
**masunuring lingkod ng katalagahang**
**ang pawis ay sangkap ng kasaganaan;**
**matapang na tanod ng kapayapaang**
**pintungan ang dibdib ng giting at dangal;**
**anopa't ang bawa't pintig ng paggalaw**
**ay pamimyapis ng karalitaan;**
**kaya, pag sinikil ng kapabayaan,**
**ay magiging Hades ang sangkalupaan.**

# Mga Liham...

## At Sagot Ng Kagawaran Ng Kalusugang Bayan

**LIHAM:**

Manila Health Department
Div. of Medical & Social Service
Manila

Mahal na Doktor Belmonte:

Ang pitak ninyo sa *Bagong Buhay* ay lubhang kasiyasiya at nakakatulong ng malaki sa aming mga ina. Ibig ko pong magtanong ukol sa aking suliranin.

Hindi po namin malaman ang gagawin at hindi mapalagay ang aking asawa dahil sa ang aming unang anak ay isinilang nang hindi husto sa gulang. Maaari po ba ninyong tulungan kami? Ang Manila Health Department po ba o alin mang ospital dito sa Manyila ay nag-aalaga ng mga batang ipinanganak nang kulang sa gulang na walang aalalahaning gugol ang mahihirap na gaya namin?

Sumulat po ako sa iyo upang ang ibang magulang na may suliraning kagaya namin ay makinabang at magkaroon ng kaalaman sa pag-aalaga ng mga sanggol na isinilang nang kulang sa bilang.

*Matapat na sumasainyo,*
*Gng. T. E. Hizon*

**SAGOT:**

Mahal na G. Hizon:

Pinasasalamatan po namin ang pagliham ninyo sa amin. Ikinagagalak namin ang pagtanggap ng mga sulat na naglalahad ng mga suliranin sa kasalukuyan.

Huwag kayong mawawalan ng pag-asa ukol sa inyong sanggol, sapagka't ngayon ay 60 sa isang daan ang nabubuhay na sanggol na may timbang na 2,500 gramo, kung aalagaan ng mga bihasa sa makabagong paraan ng pag-aalaga sa ganyang mga sanggol.

Ang unang hakbang na dapat ninyong gawin ay makipagalam kay Dr. Fe Horrileno ng Maternity and Children's Hospital sa daang Oroquieta at kayo'y kanilang tatanggapin. Sila'y mayroon lugar doon sa ilalim ng pamamahala ni Dr. Juanita Yadao, na kagagaling pa lamang sa ibang lupain upang magpakadalubhasa sa pag-aalaga ng ganyang mga sanggol.

Ang Manila Health Department ay mayroong nakahandang Ambulansya, may sadyang lalagyan ng sanggol na husto sa kagamitan, upang madala sa ospital ang mga sanggol na kulang sa hustong gulang, nang walang bayad. Ito'y sadyang iniukol ng Kgg. na Alkalde Manuel de la Fuente upang magamit ng mga sanggol na iyan.

Marami rin namang Ospital dito sa Maynila na may alagaan ng ganyang mga sanggol, gaya ng U.S.T., Mary Johnston at iba pa; naglilingkod sa kanila ang mga dalubhasang manggagamot sa mga sanggol, gaya nina Dr. Alberto Tupas, Renato Ma. Guerrero, Fe del Mundo, Florentina Herrera, Florencio Quintos, Albino Ocampo, Moises, Abad, Carmen Lopez, Serafin Meñez, Peregrino Paulina, R. Goquio, Arellano, A. Jongco, Leon Picache, Federico Jiminez, Jose Talag at iba pa. Ibig naming ipabatid sa inyo na ang Sangay sa Panggagamot at Panlipunan ng Manila Health Department ay magtatayo sa lalong madaling panahon ng isáng alagáán ng ganyang mga sanggol sa Geronimo Health Center. Ito ang kaunaunahang sanggunian dito sa Maynila at sa kapuluan na may ganitong uri ng paglilingkod.

Kung hindi mabuti ang kalagayán ng inyong sanggol ngayon ay tumawag lamang kayo sa Telepono bilang 3-21-10 at pahihiramin namin kayo ng "Incubator" o lalagyan ng sanggol na may sadyang painitan. Isang nars ang magtuturo sa inyo kung paano ang dapat gawin at kayo ay mababawasan ng alalahanin sa pag-aalaga ng inyong sanggol.

*Sumasainyo sa ikabubuti ng kalusugan,*

*DEMETRIO BELMONTE*
*Asst. City Health Officer*

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pah. 9)

tadhana'y di mapawawalang-kabuluhan ng Pangulo nang di masasaklaw pati talata o mga talatang doo'y may kaugnayan.

TUNT. 10. (1) Hindi maaaring ang isang panukalangbatas na ilalagda ay sumaklaw ng mahigit sa isang paksang isinasaysay sa pamagat ng tinurang panukala.

(2) Hindi maaaring pagtibayin o maging batas ang alin mang panukalang-batas kung ang mga salin nitong ayos-pangwakas na ay di naibigay sa mga kagawad sa loob ng tatlong araw man lamang bago pagtibayin ng Kapulungang Pambansa, maliban na kung patotohanan ng Pangulo ang pangangailangang ilagda karaka-raka ang batas. Sa huling pagbasa ng isang panukalang-batas ay di na mapahihintulutang magpa-

(Buklatin sa pahina 16)

## Sa Daigdig Ng Aninong Gumagalaw

Hindi nabigo ang pag-asa ng Premiere Productions. Ang kanilang pelikulang "SANTA CRISTINA" ay umaani ng malaking papuri ng tanang nagkapalad nang makapanood ng panooring ito. Naging lubhang kahangahanga ang pagkakaganap ni Arsenia Francisco sa kanyang maselang papel, gayundin si Efren Reyes at ang iba pang mga bituin. At si Direktor Eduardo de Castro na siyang namahala sa "SANTA CRISTINA" ay lubos na nasisiyahan sapagka't hindi nasayang ang kanyang mga pagpapagod at pagsusumakit. Ang "SANTA CRISTINA" ay siyang kaunaunahang pelikulang tagalog na naglalarawan ng makulay na kasaysayan ng isang Santa na nakangiti at buong pusong inihain ang sariling buhay at kaligayahan dahil sa pag-ibig sa Diyos at sa sangkatauhan.


Kung sumira ng rekord sa takilya ang "ROBERTA" ng Sampaguita Pictures, ang "ANGHEL NG PAG-IBIG" ay inaasahang higit na kagiliwan ng madla at aani ng ibayong tagumpay. Ang pelikulang itong pinakahihintay ng bayan ay malapit nang itanghal sa Sine Life. Tumutupad ng mga pangunahing papel sina Pancho Magalona, Linda Estrella, Lilian Leonardo at Tessie Agana.

Ang "PRINSESA AT ANG PULUBI" ng Sampaguita ay kasalukuyang ginigiling na sa kamera. Ayon kay Enrique Moreno na siyang namamahala sa pelikulang ito, ang mga unang yugto ng pagsasapelikula ng "PRINSESA AT ANG PULUBI" ay nagpapakilalang ito'y mapapabilang sa mga kalugudlugod na panooring magbibigay kasiyahan sa mga makapapanood. Magkakasama sa pangunahing papel sina Fred Montilla, Myrna Delgado at ang kinagigiliwan ninyong si Tessie Agana.

Pagkaraan ng may tatlong taong pagkawala ni Mona Lisa sa pinilakang-tabing ay muli siyang makikita sa pelikulang "Dugo ng Bataan" ng Zamboanga Pictures, Inc. Makakatambal siya ni Leopoldo Salcedo sa marikit na pelikulang ito na gagawin sa dalawang salin, ang isa ay sa wikang ingles, sa pamagat na "Blood and Salvation" ni Constancio T. Villamar na siya ring namamahala sa direksiyon na katulong ni Hermie Alonso. Si Fernando Royo, kinikilalang mahusay na kontra-bida, ay gaganap din ng mahalagang papel, gayondin si Vera Legaspi na magpupugay sa pelikulang ito.

Higit kaysa mga una nilang pelikulang ginampanan, sina Jose Padilla, Jr. at Pacita Francisco ay kalulugdan sa pelikulang "Dahong Palay", unang handog ng Tamaraw Studios, Inc. na mula sa huling araw ng Mayo ay mapapanood na sa isang kilalang dulaan dito sa Maynila. Ang "Dahong Palay" ay likha at pinamahalaan ni Felix Villar. Ito ay naglalarawan ng isang makulay na buhay na maaaring mangyari sa kahit sino. Kung sino ang Dahong Palay sa pelikulang ito ay walang makahula, bagaman at marami ang nagpapalagay na si Jose Padilla ang tumutupad ng papel na yaon. Sa maraming location na pinagdausan, ng siyuting ay naghahari ang mga hakahaka ukol sa suliraning ito na aayaw ibunyag ng Tamaraw Studios, Inc. sapagka't isang sorpresa ang inilalaan para sa mga tagatangkilik ng pelikulang tagalog.

Pagkatapos ng tagumpay sa pelikulang "Irog, Paalam", unang handog ng Benito Bros. Pictures na sinaksihan ng libulibong mamamayan sa dulaang Life, ay hindi na rin magtatagal at itatanghal na ang lalong marikit na pelikulang "Huling Konsiyerto," isang obrang naiwang hindi tapos ng yumaong makatang Domingo Raymundo na naging inspirasyon ni direktor Domingo Principe sa pagyari niya ng isang lalong madamdaming pelikula. Ang "Huling Konsiyerto" ay pinangungunahan nina Carmen Rosales, Domingo Principe at Fara Lizardo. Sa pelikulang ito ay ipakikilala ang isa pang bagong tuklas ng Benito Bros. Pictures, si Meliza Ibañez.



Kabighabighaning kariktang nagiging tampulan ng pansin at paghanga ng tanang nakamamalas! Iyan si Tessie Quintana, sa kanyang papel na ginagampanan sa "Nasaan ka, Giliw."

# ''Nasaan Ka, Giliw?''

Ang makahulugang pagkakatitig na iyan ni Tessie sa binatang magsasakang tila bumighani sa kanyang puso ay nagpapahiwatig ng susunod pang magagandang tagpo at pangyayari...!

Nasaan ka, giliw...? Iyan ang buong paghihirap ng loob na laging sinasambit-sambit ng isang kaluluwang nalalayo sa kanyang kasuyo, na ang magandang kasaysayang lipos ng pagibig ay [illegible] ... [illegible]ng isinalarawan sa "NASAAN KA, GILIW?" ng LVN Pictures


# Mother's Tonic

ANG NAHIHIRANG NG mga Ina




Ukol sa lubhang kailangang kasiglahan, "Mother's Tonic" ang tanging itinatagubilin. Nahihirang ng mga nagpapasusong mga ina at mga taong walang ganang kumain ang "Mother's Tonic" sapagkat ito'y buhat sa alak-kastilang yari sa tunay na ubas. Ito'y pinayaman sa Tiki-Tiki upang ipagsanggalang ang pinapasusong mga sanggol laban sa beri-beri. Ito'y tanging itinatagubilin para sa pangkalahatang panghihina ng katawan, walang ganang kumain, hapong isipan at katawan at maruming dugo.

**Metro Drug Corp.**

Pharmaceutical Chemists Since 1931

[illegible] Abenida Rizal, Maynila, Pilipinas
Mga Sangay: Iloilo—Cebu—Davao—Legaspi



*Strikingly* BEAUTIFUL



LADY de LUXE

17 E 21 JEWELS

**Namumukod na Kariktan ... at Nangunguna sa Uri ang LADY de LUXE!**

Mabibili sa Lahat ng Pangunahing Tindahan ng Alahas



# Dusgocyl

COCILLANA SYRUP

**NAGDUDULOT NG DAGLING KAGINHAWAHAN**

**Anang ilham ni Gng. Erlinda Franco ng Maynila: Napatunayan kong ang DUSGOCYL ay mabisang panglunas sa ubo dahil sa sipon. Ligtas at may masarap na lasa, ang DUSGOCYL ay siya kong inaasahang tiyak na pamawi ng aking ubo.**

**MABIBILI SA LAHAT NG BOTIKA**

Ethyl Morph. Hydrochl. r. 0.0152 ... Fuit ... Pilulifera ... Lobelia ... Squill, Senega Extract

## Nang Magdaan Ang Daluyong

**(Karugtong ng nasa pah. 14)**

sok pa ng ano mang pagbabago, at ang pagpapasya upang pagtibayin ay siyang kanawa-nawa na lamang gagawin, at ang mga pasyang "oo" at "hindi" ay itatala sa aklat-katitikan.

TUNT. 11. (1) Lahat ng salaping masingil sa ano mang pabuwis na nilikha para sa isang tanging layunin ay kikilalaning isang tanging pananalapi at ipamamayad lamang sa gayong layunin. Kung ang layuning ipinaglikha ng tanging pabuwis ay natakpan na o pinabayaan na kaya, ang malabing salapi, kung mayroon, ay ililipat sa pananalaping panlahat ng Pamahalaan.

(2) Di maibabayad ang ano mang salaping nasa Ingatang-Yaman nang di sa bisa ng isang nakalaang guguling gawa ng batas.

Ang salapi o ariariang bayan ay di mailalaan, maiuukol o magagamit nang tuwiran o di man tuwiran, sa kapakanan, kapakinabangan o pantangkilik ng alin mang sekta, simbahan, o iba't iba pang ngalan at uri ng pananampalataya o relihiyon, ni sa kapakanan, kapakinabagan o pagtangkilik sa alin mang pare, tagapangaral ,alagad ng pananampalataya, o kaya'y iba pa mang guro o pinuno ng relihiyon, maliban lamang kung ang nasabing pare, tagapangaral, alagad o pinuno ay pinapaglilingkod sa isang hukbo, o kaya'y sa isang parusahan, ampunan ng mga ulila o pagamutan ng mga ketongin.

TUNT. 12. (1) Ang patakaran sa mga pagpapabuwis ay dapat maging magkakatulad.

(2) Maaaring ang Kapulungang Pambansa, sa pamamagitan ng batas, ay magpahintulot sa Pangulo, ayon sa mga katakdaan at hangganang mailalagda, na magtakda ng mga singiling taripa, takdang-dami ng mga kalakal na papasok at palabas, at mga pabuwis sa tonelahe at sa mga daungan.

TUNT. 13. Sa mga panahon ng digma o ano mang kapanganiban ng Bansa, ang Pangulo'y maaaring pahintulutan ng Kapulungang Pambansa, sa pamamagitan ng batas, na maglagda ng mga alintuntunin at pamalakad na susundin sa pagpapalakad ng isang tiyak na patakarang pambansa sa loob ng isang tiyak na panahon at alinsunod sa mga pasubali at hangganang mamarapatin.

TUNT. 14. Kung ang Kapulungang Pambansa ay hindi nagpupulong, ang Pangulo, sa mga madaliang pangangailangan, ay maaaring maglagda ng mga pamalakad at kautusang magkakaroon ng lakas at bisa ng batas hanggang hindi napawawalang-saysay ng Kapulungang Pambansa, sa pamamagitan ng isang sadyang kapasiyahang napagtibay bago magtapos ang darating niyang pagpupulong na karaniwan.

### PANGKAT IV. — ANG HUKUMAN

TUNTUNING 1. Ang Kapangyarihang Tagahatol ay gagampanan ng Kataas-taasang Hukuman at ng mga hukumang mababababa kay sa kaniya na maitatatag ng batas.

TUNT. 2. Ang Kapulungang Pambansa ay may kapangyarihang tumiyak, magtakda at magbaha-bahagi ng saklaw ng iba't ibang hukuman, nguni't di makapag-aalis sa Kataas-taasang Hukuman ng katutubong kapangyarihan nito sa mga usaping nauukol sa mga sugo, mga kinatawang diplomatiko at konsul, ni ng kapangyarihan niya sa pagsuri uli, paglilitis, pagpapawalang-saysay, pagbabago o pagpapatibay, gayon din sa paghahabol, pagpuna sa pasiya (certiorari), o paglalahad ng mga kamalian, alinsunod sa maitatadhana ng batas o ng mga panuntunan ng hukuman, pati sa mga pasiyang pangwakas ng mga mababang hukuman sa lahat ng usaping may suliraning ukol sa Saligang-Batas, o kung pinagtatalunan ang isang kautusan o utos na nagpapaganap o pamalakad, o kaya'y may pagtatalo tungkol sa kasaklawan ng alin mang hukuman, o dili kaya nama'y nauukol sa mga kamalian lamang at alinlangan sa batas.


TUNT. 3. Maliban na kung may-ibang tadhana ang batas, ang Kataas-taasang Hukuman ay bubuuin ng isang Mataas na Punong Hukom at anim na Katulong na Mataas na Hukom.

TUNT. 4 Ang mga Kagawad ng Kataas-taasang Hukuman ay hihirangin ng Pangulo pagkapagsanggunì sa Gabinete. Lahat ng hukom sa mga mabababang hukuman ay hihirangin ng Pangulo pagkapagsanggunì sa Kataas-taasang Hukuman.

**(ITUTULOY)**



**PINARANGALAN SA PAGKAKAWANGGAWA — Sina G. at Gng. Vicente Ang, may-ari ng Premier Shirts & Pants Factory, ay pinagkalooban ng medalya ng katangitanging paglilingkod ni Abdon Javier (nakatalikod), superintendente ng mga paaralan sa Rizal, sa isang seremonyang isinabay sa palatuntunan ng graduwasyon sa Caloocan High School noong ika-21 ng Abril. Ang pagpaparangal sa mga Ang ay dahil sa kanilang pagkapagkaloob ng isang gusaling nagkakahalaga ng P22,000 sa 10th Avenue, Grace Park, sa pamahalaang panlalawigan ng Rizal sa pamamagitan ng Caloocan High School Parent-Teachers Association. Si Juan Sanchez, kalihim ng lupong panlalawigan, ay siyang tumanggap ng gusali sa pangalan ni Gob. Sixto Antonio.**



## Daang-bakal

(Karugtong ng nasa pah. 10)

ang kailangan kong gawin upang ganap na asahan ang iyong pag-ibig? Ipukpok ang ulo sa daang-bakal na ito?

—At gagawin mo kung ipag-uutos ko? —tumawa si Aurora.

—Bakit hindi, Aurora?

—Sabi mo lamang iyon!

—Limutin mo ako, Aurora, kung hindi ko magawa. Alalahanin mong ang paglimot mo'y higit sa sakit na makakamtan ko sa pagsasagawa noon. Nguni't hindi mo iuutos ang gayon... nagbibiro ka lamang, Aurora! Gayunma'y asahan mong ito, Aurora, ang sasaksi sa kadakilaan ng aking pag-ibig sa iyo. Ang daang-bakal na ito.

At... sa pagtulog ni Aurora'y nagpabalik-balik ang sumpang yaon ni Diego. Ang daang-bakal... ang daang-bakal... ang daang-bakal!

AT... nagkaunawaan ang mga puso nina Aurora at Diego.

Ngunit si Aurora'y talu-saling. Mapaghinala. Si Diego'y mapaghanap. Mapaglambing.

At...

—Ikaw ang bahala, Aurora! Lumimot ka! Ngunit huwag mong pagbintangan ang ibang kaluluwa.

—Huwag mo akong turuan, Diego. Gayun ang gagawin ko! Ngayon pa'y makapapanaog ka!

—Oo, Aurora... ngunit bago ako manaog ay ito ang isipin mo. Naging marupok ang iyong pananalig, Aurora. Ipinaubaya mo ang iyong sarili sa panibughong walang maidudulot sa iyo kundi kamandag na susunog sa iyong puso, magwawasak ng iyong kaligayahan at papatay sa iyong pag-asa. Sapagka't napakaliit ng pagtitiwala mo. Napakalaki ng pagpapahalaga mo sa kabaliwan!

Naiwan si Aurora sa tabi ng pintuan. Lumuluha. Nagsisisi. Nakatanaw sa landas na tinumpa ni Diego... nguni't wala na ito. Nakaliko na sa lansangang kung ilang dapit-hapong sumaksi sa kanilang makulay na paglalakad.

Hanggang sa nagkasakit si Aurora. Nguni't si Diego'y hindi pa rin nagbabalik. Ni lumilihim.

—Bakit ka mawawalan ng pag-asa, dear? —Ang dalagang minsang binigyan ni Aurora ng sampagita ang umaaliw sa kaibigan. —Siya'y babalik...

Ngumiti ang nakahiga... isang ngiting walang sigla, walang buhay, walang tamis. Saka, umiling. Itinuon sa kisame ang mga mata.

Matagal na napalapat ang katahimikan sa kalaganapan ng silid. Yao'y ginambala ng pagpanhik ni aling Bestra. Sumasagsag ang matanda. Humihingal. Hindi magkantututo.

Sa kabilang bahay ay dumungaw si aling Barang. —Mareng Bestra! —Napadungaw ang tinawag. —Este... mare, tutuo po ba ang balita?

Napatingin si Aurora sa ina. Nahawa ang katabing dalaga sa kaibigan.

—Aba'y opo, mare. Kasalukuyang pinagkakaguluhan sa munisipyo nang ako'y mapadaan doon.

—Nakita n'yo ba, mare?

—Hindi nga po at nagmamadali ako, e! Pero ang balibalita'y pinatay daw. Aywan ko, mare! Sabi ng iba'y nagpakamatay naman. Iba'y hinol-ap. Hindi ko maunawaan, mare.

—E, saan po ba talagang natagpuan?

—D'yan daw sa daang-bakal na malapit sa salon. May isa raw tama ng baril sa dibdib at basag ang bungo.

Ngayo'y hindi lamang nakamata si Aurora. Batikos ng matinding pangamba ang kanyang kaanyuan. Himagal ang daloy ng mahihigpit na hinga sa kanyang tumaas-bumabang dibdib.

Nagunita niya ang daang-bakal. Nagunita niya ang kaugnayan noon sa kanyang buhay... sa kanyang pag-ibig. Naalaala niya si Diego. Naalaala niya ang sumpa noon. Ang daang-bakal... ang sasaksi sa kawagasan ng sumpa nito! Muling nasaling ang sugat ng kanyang puso. Ang daang-bakal... ang daang-bakal... ang daang-bakal. Napapikit si Aurora. Patuloy ang daloy ng gunita sa kanyang diwa. Unti-unting nagbibigay-daan ang kahinaan ng pagtitimpi sa kanyang damdamin. Unti-unting nayayanig ang pagkatao. Unti-unting nanlalabo ang paligid sa kanyang paningin.

—Dear... lakasan mo ang iyong loob!

Tinugon ng pagkayanig ng baytang ng hagdanan ang pangungusap ng nagsalita. Napabaling ang paningin ni Aurora sa nangakalapat na pintuan.

Nagpatuloy ang pagpanhik. Isang nagbabagang hinagap ang gumuhit sa kamalayan ni Aurora. Mga pulis marahil! Bumubulong ang unti-unting nasusupil na pang-unawa ni Aurora. Nguni't bakit? Nagtatalo ang sarisaring damdamin sa kanyang dibdib. Maghahatid kaya ng balitang si. Napapikit si Aurora.

At... itinambad ng pagkakabukas ng pintuan ang katauhan ng panauhin.

—Diego! —napabulalas si Aurora.

Lumapit si Diego sa kinahihigang papag ng dalaga.

Nagbigay-daan ang dalagang kaibigan ng maysakit.

—Kadarating ko lamang buhat sa lalawigan, Aurora. —Muling sumulyap si Diego sa labas. Nag-uusap ang dalaga't si aling Bestra. —Akala ko'y malilimot kita sa pamamagitan ng paglayo. Nagkamali ako Kahit puso'y naghahanap pala ng mapanunulayan. —Hindi humuhuma gaputok man si Aurora. —Hinahanap ka, Aurora. Hinahanap ang iyong pag-ibig. Hinahanap ang iyong puso na siyang daang-bakal ng aking layunin, ng aking pag-ibig, ng aking buhay at kaluluwa!

Isang kimbot ng mga labi ang itinugon ni Aurora... isang kimbot na walang tinig. Nadama ni Diego, ang damdamin niyon. Hinawakan nito ang palad ng dalaga. Dinala sa mga labi. Hinagkan. Inilagay sa lukom ng mga palad. Ngayo'y wala nang kailangan kay Aurora kung sino man ang bangkay na natagpuan sa daang-bakal

At sa paguugnay ng kanilang mga titig ay isang magandang katotohanan ang nasalamin ng kanilang mga puso. Isang kaaya-ayang tanawin ang ibinukas sa kanilang mga damdamin... na kanilang-kanila lamang! (X)


**TEOTICO CLINIC**

URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES

7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay, Quiapo

10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta



PINATUTUNAYAN NG MAMAMAYAN SA LAHAT NG DAKO...






Mahabang lapis sa loob na tumatagal habang buhay na sisidlang 'plastic' na naaaninag at may marikit na kulay -- naisusulat ng 27,000 kataga.

Bolang asero na may kalakip na sisidlang 'plastic' na hindi nakasisilaw, bilog at tumatagal habang buhay. Ang klip at ang takip ay nikelado. HINDI NAPAPATLANGAN NG TINTA KUNG ISINUSULAT! HINDI KINAKAILANGANG SIDLAN ULI NG TINTA!

Tumatanggap pa ng magbibili sa mga lalawigan. Sumulat sa aming Kagawaran C upang magtamo ng mga paliwanag.


*Mga Tanging Tagapamahagi:*

**O.E.S. & S. CO., INC.**

OESCO

673 DASMARIÑAS (Gibbs Bldg.)
MANILA TEL. 3-29-38

# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. Panimpla
5. Bahaging ibaba ng katawan
10. Bubong
14. Alabok
15. Dating gusali ng De Luxe Fashion
16. Batong pambubong
17. Pagtingin sa butas (kinaltas ang unang titik)
18. Golgoreta
19. Dama
20. Sumsuman
22. Lutuing intsik (huling pantig)
24. Bathala ng bumbay
25. Mabangis na hayop (huling pantig)
26. Sisiksik
28. Babalang mangilag
31. Paunawa
32. Larawan sa pintura
34. Lupa sa tabing dagat
38. ...sen (bantog na tenistang amerikano)
39. Insekto sa paminggalan (kinaltas ang huling titik)
41. Hibla (huling pantig)
42. Bulalas (ng kapampangan)
43. Mahusay magpatama
46. Likhang may pakpak
47. Ganire ....
48. Pangunang tanim sa Tsina
49. Maraming-marami
52. Kabayong pumangalawa kay "Lakandula"
53. Hamak
54. Gapas
55. Bulaklak
59. Higit
61. Hinuha
63. Samahan ng kabataang babae sa kawanggawa (pantitik sa ingles)
64. Tatak ng kamera
65. Dumi sa katawan
66. Bayan sa Norwega
67. Halamang-tubig (unang pantig)
68. Ilagay sa gilid
69. Hangad

**PABABA**

1. Pangalang moro
2. Pulo sa katimugan
3. Matigas na kahoy
4. Nalagot
5. Kabaro ni Eba
6. Bagong pangalan ng Persya
7. Lutong bigas (huling pantig)
8. Isang taning ng panahon
9. Huwag pagdadalawahin
10. Katas ng kinudkod na niyog (kinaltas ang unang titik)
11. Pagdurog ng bato
12. Ilahok
13. Patpatin
21. Terno (unang pantig)
23. Sinibak nang maliliit
26. Pagsagot sa salitaan (unang tatlong titik)
27. Panlapi
28. Laruan
29. Bilang ng baraha
30. Pangalawang kalihim panloob
33. Gagawing pamigkis
35. Katapat ng araw
36. Mahal sa puso
37. Matandang-matanda
39. Iulos
40. Ipinagkit
44. Kataga
45. Tagapagalaga ng kabayo (kinaltas ang unang titik)
46. Ipamahagi
48. ...ade (inuming pampalamig)
49. Delegadong Sobyet sa UN
50. Matibay na hinaymay
51. Bulwagang pangsayawan
52. Idaiti
55. Ningas
56. Pangalang babae
57. Ilinahok (huling dalawang pantig)
58. ...ta (apelyido)
60. Pangalang intsik
62. Bulalas

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot Sa Nakaraan








## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Abril 22

1. *Luz. B. Lagasca* — National Iron Works Inc., 235 Sta. Mesa Blvd
2. *Florentino Parante* — 38-A Craig, Sampalok, Maynila
3. *Gng. Eufemia del Monte* — Kupang, Muntinglupa, Rizal
4. *Francisco V. Montenegro* — Sta. Cruz, Laguna
5. *Gng. Belen Valle* — 526 Labores Ext., Pandakan, Maynila

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng *PALAISIPAN* ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa *PALAISIPAN* na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbubuhat ng malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papa naluning muli.)

## Tao

(Karugtong ng nasa pah. 12)

kanyang matanda nang ina na sa kanya lamang umaasa, ang kanyang pangarap na magkaroon ng magandang kapalaran sa ibang araw, ang kanyang hangaring maging maybahay ng isang lalaking pagpipitaganan at mamahalin niya...

AT ANG minsang pananghali nilang iyon ay nasundan ng ilan pang pagkain sa labas, ng pamamasyal sa may look... at nang lumaon ay ng paminsan-minsang panonood ng sine...

Hindi na hintakot si Pina kung sumasama kay Mr. Polintan; nasabi na sa kanya nito na kailangan niya ang paglilibang maminsan-minsan at nagtitiwala si Pina na ginagawa iyon ni Mr. Polintan sapagka't nais siyang tulungan.

MINSAN ay inabot sila ng gabi sa tanggapan. Maraming ipinagawa si Mr. Polintan sa kanya. Hindi naman siya nakadama ng hirap sapagka't natutuhan na niya ang gumawang puspusan sa maghapon. Natutuhan na niyang igawi ang kanyang mga daliri sa pagmamakinilya at ituwid ang kanyang likod sa maghapong pagkakaupo. Pagkatapos ng kanyang gawain ay niyaya siya ni Mr. Polintan na maghapunan na sa labas.


Baka naman masabi mong pinahirapan kita'y hindi ka man lamang nagkakunsuwelo, —ang sabi nito.

Napangiti siya... at napatango!

Ang hapunan ay sinundan ng panonood ng sine. Hindi nagaalala si Pina; lubos ang kanyang pagtitiwala kay Mr. Polintan. Hindi siya maaaring isuong nito sa panganib. Buongbuo ang paniniwala ni Pina. Kahit na nang makita niyang nasa isang pook silang hindi pa niya nakikita kailan man ay hindi nagbawa ang kanyang pagtitiwala. Hindi nayanig ang kanyang paniniwalang magpapahinga lamang sila. Hanggang sa makita niyang may ibang apoy na naglalagablab sa mga mata ni Mr. Polintan!

At napaiyak siya!

Nguni't ang kanyang mga luha'y pinahid ng may-apoy na mga labi ni Mr. Polintan. Sa kanyang mga pisngi'y gumuhit ang naglinit na hininga ni Mr. Polintan. Sumigaw sa isáng mahigpit na pagtutol ang kanyang budhi nang maglaro sa kanyang bukong dibdib ang malikot na mga daliri ni Mr. Polintan. Nguni, unti-unting nangibabaw ang damdaming maka-lupa sa murang puso ni Pina. At nang muli niyang imulat ang luhaan niyang mata'y wala nang pagtutol na sinalubong ng kanyang mga labi ang may-apoy na mga labi ni Mr. Polintan... (X)


# *Dinggin mo siyang sambitin ang katagang "kay ganda mo!"*

**Oo, ito'y isang himala...isang malambot at makinis na kutis sa inyong unang pastilya ng Camay!**



**"Kaibig-ibig pagmasdan! Iyan ang sinasabi nila ukol sa aking kutis-Camay!" ani Lilian Leonardo.**

*Sa Inyong Unang Pastilya Ng Camay* — kayo man ay magiging tampulan ng paghanga... ng dahil sa inyong higit na kaakit-akit na kutis Camay. Kaya bayaang mapasainyo ang kariktan. Gumamit ngayon ng kasiya-siyang mabangong Camay. Kayo'y magtatamo ng mga lalong kalugodlugod na papuri




*Camay pa rin sa inyong paliligo!* — Tanging pinabanguhan, ang Camay ay pananatilihin kayong maganda at kaibig-ibig. Malaon na kayong nakapaligo, ang kahanga-hangang halimuyak ay namamalagi pa rin ...Mahinhing halimuyak na nakaaakit sa kalalakihan



**ANG SABON NG KAGANDAHAN**

Kasuutan -- Kay Aurelia; Alahas — Kay Heacock's. Ang kaibig-ibig na si Lilian Leonardo na bituin sa "Anghel ng Pag-ibig" ng Sampaguita Pictures.